

Sarbey sa mga Kalahok na Naka-enroll sa Programa ng Pagpapasya ng Sarili FY 24/25 Ulat ng mga Resulta Hunyo 2025

Kasaysayan

Sa Harbor Regional Center (Harbor), ginagabayan ng aming bisyon, misyon, at mga pagpapahalaga ang aming ginagawa. Nakatuon kami sa pakikinig sa aming komunidad at paggamit ng saloobin uang mapabuti ang mga serbisyo at suporta na aming ipinagkakaloob. Isa sa aming mga pangunahing paraan ng pangangalap namin ng saloobin ay sa pamamagitan ng mga sarbey, na tumutulong sa amin na maunawaan kung ang aming gawain ay may positibong epekto sa mga indibidwal at pamilyang aming pinaglilingkuran.

Noong Marso at Abril 2025, nagsagawa ang Harbor ng una nitong Taunang Sarbey sa mga Kalahok na Naka-enroll sa Programa ng Pagpapasya ng Sarili (SDP). Masasagutan ang sarbey ng mga indibidwal at pamilyang naka-enroll sa SDP sa Harbor nang hindi bababa sa isang taon. Ang sarbey ay nangalap ng saloobin tungkol sa antas ng pagsang-ayon ng kalahok sa mga pangunahing pahayag tungkol sa programa, kanilang kasiyahan sa mga pangunahing bumubuo sa SDP, at mga hadlang at hamon na kanilang kinaharap.

Noong kalagitnaan ng Marso, ibinahagi ang sarbey sa pamamagitan ng email at/o koreo sa maraming wika sa 279 na indibidwal at pamilyang naka-enroll sa SDP nang hindi bababa sa isang taon. Masasagutan ang sarbey online hanggang sa kalagitnaan ng Abril at naghintay kami hanggang sa katapusan ng Abril para sa anumang mga ipinadalang sarbey bago namin sinimulang isabuo ang mga resulta.

Mga Tampok sa mga Resulta

Kasunod ng buod na ito ang isang detalyadong presentasyon ng mga resulta. Narito ang ilang tampok mula sa presentasyong iyon.

Mga Sagot: Nakatanggap kami ng 52 sarbey. Ito ay kumakatawan sa 19% pagbabalik, na itinuturing na katanggap-tanggap na antas ng pagsagot.

Demograpiya: Halos lahat (90%) ng mga sumagot sa sarbey ay mga miyembro ng pamilya ng mga indibidwal na naka-enroll sa SDP. Mahigit sa kalahati (52%) ang naka-enroll sa SDP ng dalawa hanggang tatlong taon. Tatlong-kapat (75%) ng mga kinatawanang indibidwal ay wala pang 31 taong gulang, habang 25% ay 31 taong gulang o mas matanda pa. Kumpara sa pamamahagi ng edad ng lahat ng kalahok na naka-enroll sa SDP, kumatawan ang mga sumagot sa sarbey sa mas mataas na porsyento ng mga indibidwal na 31 taong gulang at mas matanda pa (iyon ay, 25% kumpara sa 12%). Mahigit kalahati (56%) ng mga sumagot sa sarbey ay kumatawan sa mga indibidwal na may mga diagnosis na autism spectrum disorder at kapansanang intelektwal kumpara sa nauukol na 72% at 28%, para sa lahat ng naka-enroll na kalahok.

Pagdating sa etnisidad at mas gustong gamiting wika ng mga sumagot sa sarbey, mayroong ilang pagkakaiba sa pagitan ng mga sumagot sa sarbey at lahat ng kalahok na naka-enroll sa SDP. Habang 31% ng mga sumagot sa sarbey ay tinukoy ang sarili bilang Puti, at 40% ng kabuuang bilang ng mga indibidwal na naka-enroll sa SDP ay tinukoy ang kanilang mga sarili bilang Puti. At, 29% ng mga sumagot sa sarbey ay tinukoy ang sarili bilang Asyano, habang 19% ng kabuuang bilang ng mga indibidwal na naka-enroll sa mga tinukoy ang sarili sa SDP bilang Asyano. Ang mga

mas gustong gamiting wika ng lahat ng taong naka-enroll sa SDP ay Ingles sa 88% at Espanyol sa 10%. Sa mga sumagot sa sarbey, 89% ay nag-ulat na Ingles ang kanilang mas gustong gamiting wika, habang 2% ay nag-ulat na Espanyol bilang kanilang mas gustong gamiting wika, na mas mababang porsyento.

Mga Pangunahing Resulta:

Kasunduan: Noong hiniling na sukatin ang pagsang-ayon sa kabuuan pagdating sa SDP, sa pagitan ng 67% at 98% ng mga sumagot sa sarbey ang sumang-ayon o lubos na sumang-ayon sa niprisintang sampung (10) pahayag.

Pinakamataas ang pagsang-ayon sa mga pahayag na tulad ng:

- Nakasentro sa tao ang mga serbisyo at suporta – 98%
- Natutugunan ang aking mga pangangailangan – 94%
- Irerekomenda ko ang SDP sa iba – 94%

Pinakamababa ang pagsang-ayon sa sumusunod na pahayag:

- Madaling maunawaan ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at/o badyet – 67%

Kasiyahan: Noong hiniling na sukatin ang kanilang kasiyahan, sa pagitan ng 56% at 90% ang nasiyahan o lubos na nasiyahan sa siyam (9) na bahagi ng SDP.

Pinakamataas ang kasiyahan sa mga sumusunod na bahagi:

- Pagbuo ng badyet – 90%
- Paggawa ng planong nakasentro sa tao – 90%

Bumaba ang kasiyahan sa mga sumusunod na bahagi:

- Pagpili ng Serbisyo ng Pamamahala sa Pananalapi (FMS) – 65%
- Pakikipagtulungan sa FMS – 56%

Mga Hadlang/Hamon: Ang pinakamalaking hadlang na iniulat ay ang kakulangan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo (44%).

Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo: Mahigit sa kalahati (54%) ang nag-ulat ng paggamit ng kumbinasyon ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa SDP na nakakontrata at mga tagapagkaloob ng serbisyo na hindi nakakontrata sa Harbor.

Buod

Ito ang unang sarbey ng Harbor na isinagawa partikular na sa mga kalahok na naka-enroll sa Programa ng Pagpapasya ng Sarili, at pinaplano naming ipagpatuloy ang pagsusumikap na ito kada taon. Para sa unang taon, ang pokus ay nakatuon sa naka-enroll sa SDP nang hindi bababa sa isang taon.

Ikinalulugod naming makita na naramdaman ng halos lahat ng sumagot sa sarbey na ang mga serbisyo sa kanila ay nakasentro sa kanila, natutugunan ang kanilang mga pangangailangan at na irerekomenda nila ang SDP sa iba. Sa parehong pagkakataon, binigyang-diin ng sarbey ang mga aspeto ng paglago— tulad ng pagbibigay ng impormasyon na mas madaling maunawaan at tumutulong sa mga taong magalugad ang mga kompleksidad ng SDP, partikular na sa simula ng kanilang karanasan. Tinukoy rin ng mga kalahok ang mga hamon sa pagpili at pakikipagtulungan sa isang FMS, pati na rin ang mga kahirapan sa paghahanap ng mga malalapitang tagapagkaloob ng serbisyo. Ang mga ito ang magiging pangunahing pokus sa darating na taon.

Pinasasalamatan namin ang lahat ng indibidwal at mga pamilyang nagbigay sa amin ng mahalagang saloobin na ito. Mangyaring ipagpatuloy ang pagbabahagi ng iyong feedback sa pamamagitan ng mga sarbey, mga sesyon ng pakikinig, at mga focus group na aming idinaraos sa buong taon.

Sa ngalan ng Lupon ng Harbor, ng aming mga tauhan at ng aking sarili, nagpapasalamat kami sa inyong pakikipagtulungan habang sama-sama tayong nagsusumikap upang bigyang-hugis ang Harbor Regional Center.



Patrick Ruppe
Harbor Regional Center
Ehekutibong Direktor
Patrick.Ruppe@harborrc.org



HARBOR
REGIONAL CENTER

Hunyo 2025

*Sarbey sa mga Kalahok na
Naka-enroll sa
Programa ng Pagpapasya ng
Sarili (SDP) FY 24/25*

ULAT NG MGA RESULTA

Kasaysayan

Programa ng Pagpapasya ng Sarili

- Noong 2018, 101 indibidwal ang napili para sa SDP sa pamamagitan ng sistema ng loterya sa antas na pang-estado.
- Unang indibidwal sa Harbor na naka-enroll sa SDP noong 2019
- Mula Abril 30, 2025, mayroong 393 indibidwal ang naka-enroll sa SDP



Kasaysayan

Estratehikong Plano ng Harbor para sa 2023-2026

- Nakatuon sa pagpapabuti ng karanasan at kasiyahan ng mga indibidwal at pamilyang pinaglilingkuran namin
- Partikular na, binuo ang taunang sarbey upang masukat ang karanasan at kasiyahan ng mga naka-enroll sa SDP nang hindi bababa sa isang taon



Kasaysayan

PROSESO NG SARBHEY

- Ini-email at/o ipinadala sa pamamagitan ng koreo ang mga sarbey sa maraming wika sa mga indibidwal at pamilyang naka-enroll sa SDP nang hindi bababa sa isang taon
- 279 na sarbey ang ipinamahagi (205 email/74 koreo)
- Naging bukas ang sarbey mula Marso 23 hanggang Abril 24, 2025
- Nagpadala ng email na paalala sa bukas na panahon






Hunyo 2025

Demograpiya ng mga Sumagot sa Sarbey


Nakatanggap ng 52 sagot
19% ang bumalik




Anong pahayag ang pinakamahasay na naaangkop sa iyo?




Gaano katagal ka nang naka-enroll sa SDP?




*Edad ng mga Indibidwal na Pinaglilingkuran para sa mga Sumagot sa Sarbey
Kumpara sa Edad ng Lahat ng Indibidwal na Naka-enroll sa SDP*




Mga Dyagnosis ng mga Indibidwal na Pinaglilingkuran para sa mga Sumagot sa Sarbey
Kumpara sa Edad ng Lahat ng Indibidwal na Naka-enroll sa SDP



Etnisidad ng mga Sumagot sa Sarbey
Kumpara sa Mas Gustong Gamiting Wika ng Lahat ng Indibidwal na Naka-enroll sa SDP



Mas Gustong Gamiting Wika ng mga Sumagot sa Sarbey
Inihambing sa Mas Gustong Gamiting Wika ng Lahat ng Indibidwal na Naka-enroll sa SDP





Hunyo 2025

Karanasan at Kasiyahan sa Kabuuan



Sukatin ang iyong Pagsang-ayon sa mga Pahayag tungkol sa SDP	Sumasang-ayon	Lubos na Sumasang-ayon
Madaling maunawaan ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at/o badyet.	44%	23%
Mayroon akong sapat na tulong sa pagpapasya kung paano gagamitin ang aking indibidwal na badyet/mga serbisyo.	42%	33%
Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ay mayroong tamang pagsasanay upang matugunan ang aking mga pangangailangan.	46%	42%
Nakasentro sa tao ang mga serbisyo at suporta.	42%	56%
Natutugunan ang aking mga pangangailangan	56%	38%


Sukatin ang iyong Kasiyahan sa mga Pahayag tungkol sa SDP	Sumasang-ayon	Lubos na Sumasang-ayon
Ang mga tauhan sa Harbor ay patuloy na nagkakaloob ng tulong kapag may mga katanungan ako tungkol sa SDP.	33%	50%
Ang aking kaalaman tungkol sa SDP ay dumami sa pagdaan ng panahon.	42%	54%
Ang paggalugad sa SDP ay naging mas madali sa pagdaan ng panahon.	40%	42%
Ikinalulugod ko ang aking karanasan sa kabuuan sa SDP.	44%	46%
Irerekomenda ko ang SDP sa iba.	31%	63%



Sukatin ang iyong Kasiyahan sa mga Bumubuo sa SDP	Nasisiyahan	Lubos na Nasisiyahan
Pakikipagtulungan isang Independiyenteng Tagapangasiwa	23%	52%
Paggawa ng Planong Nakasentro sa Tao	38%	50%
Pagbuo ng badyet	42%	48%
Pag-amyenda sa badyet	35%	40%

Sukatin ang iyong Kasiyahan sa mga Bumubuo sa SDP	Nasisiyahan	Lubos na Nasisiyahan
Pagpili ng FMS	40%	25%
Pakikipagtulungan sa FMS	29%	27%
Paggawa ng plano ng paggasta	42%	44%
Pag-amyenda sa plano ng paggasta	44%	38%
Pagsubaybay sa mga pondo ng SDP	48%	25%

Anong mga tagapagkaloob ng serbisyo ang pinili mong gamitin sa SDP?





Hunyo 2025

Panghuling salita

01

Pinasasalamatan namin ang bawat isang nagbigay sa amin ng mahalagang saloobin na ito!

02

Nakatuon Harbor sa pakikinig at pagtanggap ng saloobin mula sa aming komunidad.

Mangyaring ipagpatuloy ang pagbabahagi ng iyong saloobin sa pamamagitan ng mga sarbey, mga grupong nakatuon/nakikinig na idinaraos namin sa buong taon.

03

Pinagsusumikapan naming mapabuti ang lahat ng aspeto habang patuloy naming ipinatutupad ang [Estratehikong Plano ng Harbor](#)



Regular na bisitahin ang website ng Harbor para sa mga bagong balita tungkol sa sarbey!